NEW MUSLIM
ACADEMY

# PAANO MAUUNAWAAN AT MAPALAPIT SA QUR'AN



Ang Qur'an ay isang Aklat ng Patnubay. Sinuman ang mga nagbabasa,mga umiintindi at kumikilos ayon dito, ay matatagpuan ang kaligayahan at tagumpay. Sinabi ng Allah, "Ang Qur'an na ito na ipinahayag kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay gumagabay sa pinakamahusay na paraan, na siyang paraan ng Islam, at ito ay ipinapaalam sa mga may pananampalataya sa Allah at na gumagawa ng mabubuting gawain ng isang bagay na ikalulugod nila,na kung saan sila ay magkakamit ng malaking gantimpala mula sa Allah." [17:9]

Gayunpaman, para sa isang bagong Muslim, minsan ay nakakatakot na basahin ang Qur'an at subukang unawain ito. Narito ang ilang mga mahahalagang punto na makakatulong sa iyo:



# Mga Layunin ng Qur'an

Ang Qur'an ay hindi tulad ng ibang libro. Ito ay hindi isang talambuhay o isang aklat ng kwento. Sa halip, ito ay isang aklat ng patnubay sa bawat panahon at lugar, tinuturuan ang mga tao kung ano ang dapat nilang malaman para sambahin ang Allah at makamit ang paraiso.

Sa malawakang pananalita, ang Qur'an ay hinati sa sumusunod na pangunahing mga paksa:

- **Paniniwala sa Allah Lamang** - maraming talata sa Qur'an ang ipinahayag ang tungkol sa Allah at Kanyang karapatan na sambahin mag-isa. Ipinahayag ng Allah ang tungkol sa pananampalataya, gantimpala, parusa, at ang kabilang buhay para pagtibayin ang layuning ito. Sa katunayan, ang buing Qur'an ay nagpapahayag ng pangunahing puntong ito.

- **Kautusan ng Allah** - Kabilang dito kung ano ang pinahintulutan o ipinagbawal ng Allah. Bahagi ng pagsasakatuparan ng layunin ng paniniwala lamang sa Allah at pagsamba sa Kanya ay sa pamamagitan ng mga kautusan kung paano Siya sambahin.

- **Mga Kasaysayan** - Madalas na binabanggit ng Allah ang mga kasaysayan ng nakaraang mga Sugo at mga nasyon,gayundin ang mga tao. Ang lahat ng mga kasaysayang ito ay naglalaman ng mga matalinghaga at mga aral, muli upang bigyang-diin ang layunin ng paniniwala lamang sa Allah.

# Pagtaas ng Antas ng Pananampalataya:

Ang Qur'an ay dapat magpataas sa ating pananampalataya at ilapit tayo sa Allah. Ang pagbabasa at pag-unawa ay dapat na magpalambot sa ating mga puso. Sa layuning ito, ang pagtuon sa pagmumuni-muni sa ating binabasa at pagsalamin dito ay napakahalaga. Sa pamamagitan ng paggawa nito, ay nauunawaan natin na ang mga sipi o talata ng Qur'an at pinapahalagahan ang mga ito, taliwas sa simpleng pagbabasa ng mga ito na may kaunti hanggang sa walang pang-unawa.



# Ilang mga Talata sa Isang Pagkakataon

Ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay nagbabasa at nag-aaral lamang ng ilang mga talata sa isang pagkakataon. Ang kanilang layunin ay upang hindi mabilis na matapos ang kabanata, nguni't upang matuto at makinabang, tumaas ang antas ng pananampalataya, at mapalapit sa Allah sa gawa at paniniwala. Ang pagkuha ng isa o dalawang talata at pagtuon sa mga ito bago lumipat sa susunod na isa o dalawa ay mas mainam kaysa sobrang bilis at hindi nauunawaang mabuti.



# Madalas na Basahin ang mga Kabanata

May ilang mga kabanata at mga talata ng Qur'an na madalas mong babasahin o maririnig. Halimbawa, ang **Kabanata 1**, **Kabanata 112**, **113** at **114** lahat ay maikling mga kabanata ng Qur'an na malamang na babasahin mo ng maraming beses sa isang araw sa iyong pang-araw-araw na itinakdang ritwal, ang pagdarasal (**Salah**). Ang pagtuon muna sa mga kabanatang ito ay makakatulong sa iyo sa isang praktikal na pamamaraan kapag binasa o narinig ang mga ito na binabasa ng iba. Sa pangkalahatan, ang kabanata 50 pataas ay ang pinakamaikling mga kabanata ng Qur'an, at samakatuwid ang pinakamadaling magsimula. Ang paraan ng mga sinaunang mga Muslim ay ang simulan ang kanilang pag-aaral sa pagtuon sa **kabanata 50-114** bago lumipat sa mas mahabang mga **kabanata 2-49**. Ang mga kabanatang ito ay nagpapatibay sa mga pundasyon ng paniniwala at kabutihang-asal at hindi nakatuon sa mga patakaran at mga batas. Dagdag pa dito, pagkatapos ng **Kabanata** 1, ang pagbabasa ng pabaligtad mula **kabanata 114** ay mas madali sa pagsasaulo. Ang **Kabanata 18**, bagama't mas mahaba, ay isa rin sa maaari mong bigyan ng pansin dahil inirekomenda ito ni Propeta Muhammad (**sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala**) na basahin tuwing araw ng Biyernes.

# Karagdagang Pag-aaral

Ang paghahanap ng oras para mag-aral ng ilang mga talata ng sabay sa pamamagitan ng pagsangguni sa kwalipikadong iskolar na nagtuturo ng kahulugan ng Qur'an ay makakatulong sa iyo na maunawaan at pagnilayan ang Qur'an. Isaalang-alang ang pakikinig sa wikang Arabe at magkaroon din ng isang pakikinggang pagsasalin sa wikang Inggles.

Ang Noble TV ay isang magandang mapapagkukunan. Maaari ka ring magbasa ng isang pagsasalin na sa tingin mo ay komportable ka. Narito ang ilang mga rekomendasyon (Focus on .Uthman, Saheeh at MAS Abdelhaleem Translation):

1. **Quran.com**
2. **http://www.englishtafsir.com/**
3. **Qtafsir.com**


القرآن الكريم